

Umiiral at binabalak na mga hakbang sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi

Kagawaran ng Home Affairs

Ang isa sa mga pangunahing tungkulin ng Kagawaran ng Home Affairs (“HAD”) ay mapahusay ang komunikasyon sa pagitan ng Pamahalaan at mga miyembro ng publiko. Kaugnay nito, sisikapin ng HAD na maunawaan at maipakita ang mga adhikain ng komunidad na may layuning tulungan ang Pamahalaan sa pagbubuo ng mga patakaran, at maiugnay ang gawain ng iba't ibang mga kagawaran sa mga distrito.

Ang HAD ay nagbibigay ng malaking kahalagahan sa pagbibigay-daan sa mga taong magkakaibang lahi na makuha ang impormasyon ng pamahalaan at mga serbisyong ibinibigay ng Kagawaran. Ang mga hakbang upang itaguyod ang pagkakapantay-pantay ng lahi at pantay na paglapit sa aming mga serbisyo sa komunidad para sa mga taong magkakaibang lahi ay ipinatupad.

A. Serbisyong Pampublikong Katanungan

- | | |
|------------------------------|---|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | <ul style="list-style-type: none">• Maaaring makakuha ng impormasyon ang publiko tungkol sa mga serbisyo ng pamahalaan mula sa Mga Sentro ng Katanungan ng Home Affairs (“Mga Sentro ng Katanungan”) sa 18 Tanggapang Pandistrito. Upang matiyak na ang serbisyo ng pampublikong katanungan ay madaling makuha ng publiko anuman ang kanilang pinagmulang lahi, ang mga hakbang ay ginawa upang malampasan ang hadlang sa wika sa pagbibigay ng serbisyo. |
| Umiiral na Mga Panukala | <ul style="list-style-type: none">• Ang mga polyeto at pampleto ng impormasyon sa mga wika ng magkakaibang lahi ay makukuha at makikita sa Mga Sentro ng Katanungan.• Isasaayos ang serbisyong interpretasyon kung kinakailangan at naaangkop kapag ang mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang lahi ay hihingi ng libreng ligal na payo sa ilalim ng Iskema ng Libreng Ligal na Payo na pinangangasiwaan ng Serbisyo ng Libreng Abugado. |
| Pagtatasa ng | <ul style="list-style-type: none">• Itatala at isasaalang-alang ang mga mungkahi para sa |

Gawain sa Hinaharap

pagpapabuti mula sa tagagamit ng serbisyo na may magkakaibang lahi.

- Ang katugunan sa pagiging epektibo ng serbisyong interpretasyon ay kokolektahin mula sa mga tagagamit ng serbisyo na magkakaibang lahi para sa pagsusuri at pagpapabuti.

B. Pangangasiwa ng Deklarasyon/Panunumpa para sa Pribadong Paggamit

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Maaaring gamitin ng mga miyembro ng publiko ang libreng serbisyo ng Administrasyon ng Deklarasyon/Panunumpa (kabilang ang Pagpapatibay bilang kapalit ng Panunumpa) sa alinman sa dalawang opisyal na wika sa Hong Kong (ibig sabihin, Tsino at Ingles) na ibinigay sa aming mga Sentro ng Katanungan para sa pribadong paggamit.

Umiiral na Mga Panukala

- Kung ang mga tagagamit ng serbisyo na may magkakaibang lahi ay hindi marunong sa mga opisyal na wika, ang kawani ng Sentro ng Katanungan ay magsasaayos ng serbisyong interpretasyon para sa kanila.
- Ang mga polyeto ng impormasyon sa serbisyo ng deklarasyon/panunumpa sa mga pangunahing wika ng mga taong magkakaibang lahi ay makukuha at makikita sa Mga Sentro ng Katanungan.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap

- Susukatin ng kawani ng Sentro ng Katanungan ang mga pananaw ng mga tagagamit ng serbisyo na may magkakaibang lahi sa pamamagitan ng pagsisiyasat upang mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at gumawa ng pagpapabuti kung kinakailangan at naaangkop.

C. Mga Serbisyong Suporta sa mga Makikinabang sa Ari-arian

Mga Serbisyong May Kinalaman

- Ang Yunit ng Suporta sa Mga Nakikinabang sa Ari-arian (“EBSU”) ng HAD ay nagbibigay ng mga serbisyong

suporta para sa mga benepisyaryo ng ari-arian ng isang taong namatay noong o pagkatapos ng ika-11 ng Pebrero 2006 na itinakda sa mga seksyon 60B, 60C, 60D, 60E, 60F, 60G at 60K ng Ordinansa ng Probate at Administrasyon (Kabanata 10), na pangunahing kinabibilangan ang isyu ng **Paunawa ng Kumpirmasyon** para sa pangangasiwa ng maliit na ari-arian na hindi hihigit sa HK\$50,000 at **Sertipiko sa Pangangailangan ng Inspeksyon ng Bank Deposit Box**. Upang matiyak na ang mga serbisyo ng suporta sa mga makikinabang sa ari-arian ay madaling makuha ng publiko anuman ang kanilang pinagmulang lahi, ang mga hakbang ay ginawa upang malampasan ang hadlang sa wika sa pagbibigay ng serbisyo.

- | | |
|---------------------------------------|--|
| Umiiral na Mga Panukala | <ul style="list-style-type: none"> • Ang serbisyong interpretasyon ay isasaayos para sa mga magkakaibang lahi na naghahanap ng serbisyo na hindi marunong sa mga opisyal na wika. |
| Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap | <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga mungkahi para sa pagpapabuti mula sa mga tagagamit na may magkakaibang lahi ay itatala at isasaalang-alang. • Susukatin ng mga kawani ng EBSU ang mga pananaw ng mga tagagamit na may magkakaibang lahi sa pamamagitan ng pagsisiyasat upang mas maunawaan ang kanilang mga pangangailangan at gumawa ng pagpapabuti kung kinakailangan at naaangkop. |
| Mga Karagdagang Panukalang Ipatutupad | <ul style="list-style-type: none"> • Ang mga polyeto at pampleto ng impormasyon sa mga pangunahing wika ng magkakaibang lahi ay makukuha sa online at ipapakita sa tanggapan ng serbisyo ng EBSU. |

D. Pagsasanay Para sa Kawani

- | | |
|------------------------------|--|
| Mga Serbisyong May Kinalaman | <ul style="list-style-type: none"> • Upang mapahusay ang kamalayan ng kawani ng HAD sa pagiging sensitibo sa lahi at ang kanilang pag-unawa sa Ordinansa sa Diskriminasyon ng Lahi. |
| Umiiral na Mga | <ul style="list-style-type: none"> • Ang HAD ay patuloy na makikipagtulungan sa |

Panukala Komisyon sa Pantay-pantay na Oportunidad, sa Kolehiyo ng Serbisyong Sibil o mga kaugnay na hindi-pampamahalaang organisasyon upang magbigay ng pagsasanay para sa mga kawani ng HAD.

Pagtatasa ng Gawain sa Hinaharap • Kukunin ang katugunan ng kawani na may layuning pagyamanin ang mga nilalaman ng mga kagamitan sa pagsasanay.

E. Mga Katanungan

Ang mga katanungan sa mga umiiral at binabalak na hakbang ng HAD sa pagtataguyod ng pagkakapantay-pantay ng lahi ay maaaring idirekta sa –

- Serbisyo ng Pamublikong Pagtatanong at Pangangasiwa ng Deklarasyon/Panunumpa para sa Pribadong Paggamit

Pangalan: Binibining Katie LEUNG
Tungkulin: Tagapangasiwang Opisyal
(Serbisyo ng Pamublikong Pagtatanong)
Numero ng telepono: 2835 2500
Numero ng Fax.: 2834 3377
Email: hadgen@had.gov.hk
Adres sa Koreo: 29/F, Southorn Centre, 130 Hennessy Road,
Wan Chai, Hong Kong

- Mga Serbisyong Suporta sa mga Makikinabang sa Ari-arian

Pangalan: Binibining Elsie WAN
Tungkulin: Nakatataas na Opisyal ng Kawani
(Mga Makikinabang sa Ari-arian) 2
Numero ng telepono: 2835 1535
Numero ng Fax.: 2122 9497
Email: ebsu@had.gov.hk
Adres sa Koreo: 3/F, Southorn Center, 130 Hennessy Road,
Wan Chai, Hong Kong

Kagawaran ng Home Affairs
Mayo 2024